
EXPLAINER




# 12 BAGAY NA KAILANGANG MALAMAN TUNGKOL SA VFA

1) Ang Visiting Forces Agreement o VFA ay isang **tagibang na kasunduang militar** na nagpapahintulot sa **walang sagka at walang taning na paglabas-masok ng mga tropa, mga sasakyan at gamit militar ng US sa Pilipinas.** Nagkabisa ito noong Mayo 27, 1999 matapos niratipikahan ng Senado sa ilalim ng rehimen ni Joseph Estrada.

2) Binuo ang VFA ilang taon matapos mawalan ng bisa at hindi pinalawig ng Senado ang Military Bases Agreement noong 1991. Sa pamamagitan ng VFA, nagkaroon ng karapatan ang US na pumasok sa anumang bahagi ng kalupaan, karagatan at kahanginan ng Pilipinas.

Itinransporma nito ang bansa tungo sa isang malaking base militar.



3) Instrumento ang VFA sa pagyurak ng US sa soberanya ng Pilipinas dahil sa pinahihintulutan nito na gamitin ang Pilipinas bilang base ng isang dayuhang pwersa. Sa ilalim ng VFA, napanatili ng US ang permanenteng presensya ng daan-daang mga tropa nito sa iba't ibang panig ng bansa at mga palibot nitong karagatan, na nanghihimasok sa mga panloob na usapin ng bansa.



4) Itinuturing ng gubyerno ng Pilipinas na tratado ang VFA dahil niratipikahan ito ng Senado sa botong 18-5. Sa kabilang banda, isa lamang itong kasunduang ehekutibo sa US. Hindi ito niratipikan ng kanilang Senado at kinilala lamang ito ng Kongreso nito sa bisa ng Case-Zablocki Act. Marami itong tagibang na mga probisyon na pabor sa mga tropang Amerikano, at disbentahe sa Pilipinas at mga tropang Pilipino.



5) Sa ilalim ng VFA, lahat ng mga tropang Amerikano ay awtomatikong ligtas sa mga regulasyong may kaugnayan sa pasaporte at pagkuha ng visa para makapasok sa Pilipinas. Sa kabilang banda, lahat ng mga Pilipinong tropa ay kailangang kumuha ng visa para makapasok sa US, at may karapatan ang US na tanggihan ito.

6) Lahat ng kagamitan, serbisyo at kalakal, militar at hindi, na dadalhin ng US sa Pilipinas ay ligtas sa pagbubuwis. Sa kabilang banda, lahat ng kagamitang dadalhin ng mga tropang Pilipino sa US ay papatawan ng regular na buwis alinsunod sa mga patakaran nito.



7) Sa ilalim ng VFA, ang mga tropang Amerikano na papasok sa Pilipinas ay hindi awtomatikong sakop ng hurisdiksyon ng mga lokal na pulis at mga korte sa Pilipinas. Kung may paglabag ang isang sundalong Amerikano sa lokal na mga batas ng Pilipinas, kailangan pang hingin ng gubyerno ng Pilipinas ang pahintulot ng US na ibigay ang hurisdiksyon sa naturang nagkasala.

Naging lisensya ito ng mga tropang Amerikano para walang pakundangang gumawa ng mga krimen tulad ng pambubugbog, panggagahasa at pagpatay. Kabilang sa mga krimen na ito ang pagpatay ng sundalong Amerikano sa transwoman na si Jennifer Laude noong 2014 at ang panggagahasa sa Pilipinang si "Nicole" noong 2005.




8) May karapatan ang militar ng US na disiplinahin ang mga tropang Pilipino at hingin sa militar ng Pilipinas na ipaubaya dito ang paglilitis at pakukulong ng nagkasalang mga tropang Pilipino. Ang mga Pilipinong mahahatulang nagkasala sa US ay isasailalim sa mga batas ng US at ikukulong sa mga kulungan ng US. Sa Pilipinas, ang nagkasalang tropang Amerikano ay ikukulong sa mga espesyal na pasilidad na pagkakasunduan ng US at Pilipinas.

9) Kabilang ang VFA sa mga tagibang na kasunduang militar na ginagamit ng US ngayon para kaladkarin ang mga Pilipino sa sinusulsulang gera nito laban sa China.



10) Noong 2014, karugtong ng VFA, pinirmahan ang Enhanced Defense Cooperation Agreement na naglehitimisa sa permanenteng pamamalagi ng tropang Amerikano at kanilang mga gamit pandigma sa loob ng mga kampong militar ng AFP. Mayroon ngayong hindi bababa sa siyam na "pinagkaisahang lugar" sa Pilipinas na may baseng militar ang US. Nilusutan nito ang rekisito na pagkuha ng 2/3 na boto mula sa Senado para sa matagalang pagbabase ng dayuhang tropa sa bansa.



11) Sa pamamagitan ng VFA, malayang nakapanghahalihaw ang mga tropang Amerikano sa mga komunidad ng mga Pilipino at makialam sa mga operasyong sibil-militar at kombat ng Armed Forces of the Philippines. Ipinamalas ito sa mga pakitang-taong mga operasyong sibil-militar ng mga war games tulad ng Balikatan. Naisiwalat naman ang kanilang itinatagong presensya sa mga internal na operasyong panseguridad tulad ng naganap sa Mamasapano noong 2015.



12) Tinanggalan ng VFA ng karapatan ang estadong Pilipino na mag-alam sa mga aktibidad ng mga tropa ng US at ipinapasok nitong mga gamit, kabilang ang mapanganib na mga nukleyar na armas. Binigyan laya nito sa mga tropang Amerikano na gamitin at wasakin ang mga natural na rekurso ng bansa at ibalewala ang karapatan at kabuhayan ng mga Pilipino sa kanilang mga pagsasanay, pagbabase at pagliliwaliw.

